



Bible Anchor

Ang Viva World Weekend of Prayer ay tungkolsamgabata, lalona ang pagdarasal ng mgabata para sakapwanilabata. Ang tema para sa 2024 ay **'Liwanag ng Mundo,'** mulasa John 5:9 nangsabihinni Jesus, "Habangako ay nasasanlibutan, ako ang ilaw ng sanlibutan." Ang Bible Anchor ay ang kabuuan ng **Juan 9**, kung saannakatala ang pagpapagaling ng bulag.

Paano nagsimula ang Viva

Si Patrick McDonald, tagapagtatag ng Viva, ay nagkuwento tungkol sa kanyang pangitain habang nagtatrabaho sa isang lokal na misyon para sa mga batang konektado sa kalye sa South America. Isang gabi, nakita ni Patrick ang isang larawan ng isang globo, marilag na umiikot sa kalawakan nito ngunit medyo madilim. . .

Pagkatapos ay biglang sumibol ang ilang butil na liwanag: maliit, mahina, at bahagya ang liwanag. Pagkatapos ay mayroong higit pa, at higit pa, at nagsimula silang kumonekta sa pusod ng liwanag na sumasakop sa isang lugar. Sa paghakbang, ang kapaligiran ay bahagyang nagbago, unti-unting lumakas at lumiwanag. Alam ni Patrick na ang pangitain ay ang tugon ng Diyos sa kanyang tanong, "Ano ang iyong plano? Paano, Panginoon, inaasahan mong matugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mga batang ito?" Ang pangitain ay kumakatawan sa isang malawakang mobilisasyon ng mga kongregasyon na may mabilisang pagkilos, magkakaugnay na sistema, at mayroong iisang pamantayan.¹



World Weekend of Prayer Cambodia 2023



LIWANAG!

¹ Extract from the chapter, "Hubs of Light" of the book 'God's Heart for Children' 2022, Langham Literature.

Mga pinagkunan ng impormasyon.

Ang dokumentong ito ay mayroong apat na tema mula sa kuwento na makikita sa John 9 na may kalakip na mga aktibidad, isang memory verse at mga tanong sa pagsasabuhay upang mabigyan ng pagkakataon ang mga bata na manguna sa panalangin. Kasama ang mga testimonya mula sa 2023 weekend. Ang mga animation, kanta, PowerPoint presentation at ang 28-daily preparation ay matatagpuan sa website, www.worldweekendofprayer.com.

Ang apatnatema

- i) **Mga Gawain ng Diyos** - pangunahing pokus para sa mga bata sa elementarya
- ii) **Bakit ka nagdududa?** - para sa mga batang magti-teenager at mga teenager
- iii) **Sino si Hesus?** - para sa mga teenager
- iv) **Ano ang pananampalataya?** - para sa mga teenager at matatanda



World Weekend of Prayer Latin America 2023

Maaaring magdasal ang mga bata sa maraming paraan: gumawa ng prayer triplets; gumawa ng puno ng panalangin; magsulat ng mga panalangin sa mga lobo; maglagay ng mga panalangin sa mga post-it notes sa mga mapa; o gumamit ng mga video, na may live na international exchange.

Mga punto ng panalangin para sa mga bata

- i) Kapayapaan at pagmamahal sa aking tahanan at pamilya.
- ii) Sapat na pagkain na makakain, malinis na tubig na maiinom, damit na maisusuot, at pangangalaga sa kalusugan kapag tayo ay nagkasakit o nasugatan.
- iii) Kapayapaan at pagwawakas ng karahasan sa aking mga lansangan.
- iv) Para sa edukasyon, na maaari akong mag-aral at maturuan ng mabait, mapagmahal na guro.
- v) Proteksyon at kaligtasan mula sa mga bully at manloloko.
- vi) Nabagong pakikitungo sa mga bata upang ang mga matatanda ay hindi maliitin, hindi bigyang pansin o hamakin ang mga bata.
- vii) Mas maraming mga simbahan sa ating lungsod na magtutulungan sa pagpapabuti ng buhay ng mga bata.

I: Mga gawa ng Diyos



Story anchor – mula sa Juan 9:1-12

Isang araw, naglalakad si Jesus kasama ng kanyang mga alagad nang makita nila ang isang lalaking namamalimos, na bulag mula sa kapanganakan. Tinanong ng mga alagad, "Guro, sino ang nagkasala, ang taong ito o ang kaniyang mga magulang, na siya'y ipinanganak na bulag?" Sinabi sa kanila ni Jesus na mali ang kanilang katanungan. Sa halip, Ito ay nangyari upang ang mga gawa ng Diyos ay mahayag sa kaniya. Sinabi ni Jesus, "Habang ako ay nasa sanlibutan, ako ang ilaw ng sanlibutan." Pagkasabi niya nito ay lumura siya sa lupa. Gumawa siya ng putik mula sa lura. Kaniyang ipinahid sa mga mata ng bulag ang putik. Sinabi ni Jesus sa kaniya: Pumunta ka sa malaking dakong paliguan ng Silaom, isang espesyal na lugar, at maghugas ka. Siya nga ay pumunta at naghugas at bumalik na nakakakita na. Sinabi niya sa kanya na pumunta at maghugas sa pool ng Siloam, isang espesyal na lugar. Pumunta ang lalaki. Naghilamos siya. Isang himala! Nakikita na niya ngayon. Nang makilala siya ng kanyang mga kapitbahay, nagduda ang ilan na nangyari ang himalang ito. Ika nila na kahawig ito ng lalaking bulag at namamalimos.

Gawain

- i) **Clay statue** – gumawa ng clay statue ng isang tao (i.e. Hesus). Ito ay kumakatawan kay Hesus na nakilala ng bulag. Ngayon magdagdag ng ilaw o salamin sa kanyang ulo upang ipakita na si Hesus ang liwanag ng mundo. Gumawa ng isa pang clay statue para kumatawan sa bulag.
- ii) **Blind art** – habang nakapiring, gumuhit ng larawan ng isang tao sa tabi ng bahay– obserbahan kung gaano ito kahirap.

Memory verse

John 9:5: "Habang ako ay nasa mundo, ako ang ilaw ng mundo."

Pagsasabuhay

Talakayin ang mga tanong na ito upang makapanalangin tungkol sa pagkakita sa mga **gawa ng Diyo**

- i) Kapag nangyayari ang masasamang bagay, paano kumikilos ang Diyos para baguhin ang sitwasyon? Ano ang ating bahagi?
- ii) Nakakita ka na ba ng pagbabago sa iyong pamilya, pamilya ng kaibigan, paaralan o lokalidad? Maaari ba tayong manalangin para sa higit pa sa mga pagbabagong ito?
- iii) Mahirap para sa lalaki na magtiwala kay Jesus at maghugas sa pool. (Maaaring gumamit siya ng tubig sa malapit.) Kumusta naman ang ating pagtiwala sa Diyos? Baka matagalan ang hinihiling nating pagbabago? Siguro kailangan din nating gawin ang lahat?

Patotoo mula sa Patna India: Ang World Weekend of Prayer 2023 ay nagdala ng isang makapangyarihang realisasyon sa mga bata tungkol sa ating responsibilidad na protektahan ang magandang likha ng Diyos. Si Anjali, isang batang babae mula sa learning center, ngayon ay pinapatay ang mga hindi kinakailangang ilaw at bentilador, nagtitipid ng tubig sa pamamagitan ng pagsasara ng mga gripo, pagtanim ng mga sapling, at pinananatiling malinis ang kanyang paligid. Isa na siyang nature warrior, isa nang tagapag-alaga ng nilikha ng Diyos, at palaging hinihikayat ang kanyang mga kapatid at kaibigan na gayahin sya.

2: Mga Himala ng Diyos



Story anchor – John 9:13–23

Nang ipagsabi niya sa kapwa niya na si Hesus ang nagpagaling sa kanya, ang taong bulag ay dinala ng kanyang mga kaibigan sa mga Pariseo. Ipinaliwanag ng bulag ang nangyari. Ang ilan sa mga pinunong ito ay nagsabi na ang paghahalo ng putik para sa pagpapagaling ay naganap sa Sabbath. Walang trabaho ang pinapayagan sa Sabbath; samakatuwid, si Jesus ay hindi maaaring mula sa Diyos dahil siya ay isang makasalanan. Puno ng pagdududa, ipinatawag ng mga Pariseo ang mga magulang ng lalaki upang kumpirmahin na ang lalaki ay kanilang anak at ipinanganak na bulag. Natakot sila at nagtanong kung paano nakakakita ang kanilang anak. Sinabi nila, "Siya ay may edad na; tanungin ninyo siya."

Gawain

- i) **Role play**– Hayaang isadula ng mga bata ang kuwento sa sarili nilang salita. Gawin ito ng dalawang beses sa mga bata gamit ang ibang bahagi.
- ii) **Mga hub ng liwanag**– Magpaguhit sa mga grupo ng mga bata ng isang naka-istilong mapa ng kanilang lungsod sa isang malaking piraso ng karton. Markahan ang mga lokasyon ng mga simbahan at paaralan. Magkabit ng isang string ng mga LED na ilaw sa bawat paaralan at simbahan. Ilipat-lipat ang mga ilaw. Display upang kumatawan sa isang network ng mga hub ng ilaw na nagliliwanag para sa mga bata

Memory verse

John 9:15b: “Sinabi niya sa kanila: Nilagyan niya ng luwad ang aking mga mata at ako ay naghugas at nakakita na ako.”

Pagsasabuha

Talakayin ang mga tanong na ito upang makapanalangin tungkol sa pagkakita sa **mga himala ng Diyos.**

- i) Ano ang ibig sabihin ng pagdududa kapag hiniling natin sa isang tao na gumawa ng isang bagay para sa atin?
- ii) Ano ang isang himala?
- iii) Saan natin kailangan ng himala ngayon? (pamilya, paaralan, komunidad)

Patotoo mula sa mga bata sa Zambia

"Natutunan ko na nilikha ng Diyos ang mundo at lahat ng naririto, at binigyan niya ang mga tao ng responsibilidad na mahalín at pangalagaan ang mga hayop."

"Ipanalangin ang isa't isa at magtiwala sa Diyos. Maaari mong ilagay ang anumang bagay sa mga kamay ng Diyos; kahit na ikaw ay may problema, ang Diyos ay makakatulong sa iyo at ikaw ay gagabayan."

Kailangan nating pangalagaan ang nilikha ng Diyos. Lahat ng mga bata ay kailangang mag-aral at matuto."

3: Si Jesus, ang Anak ng Diyos



Story anchor - John 9:24-34

Matapos makapanayam ang mga magulang ng lalaki, tinawag muli ng mga Pariseo ang bulag at sinabi, "Luwalhatiin ninyo ang Diyos sa pamamagitan ng pagsasabi ng katotohanan. Alam naming makasalanan ang taong ito (Hesus)." Sumagot siya, "Makasalanan man Siya o hindi, Hindi ko masasabi. Isang bagay ang alam ko. Dati akong bulag, ngunit ngayon ay nakakakita na!" Muli siyang tinanong ng mga Pariseo kung paano siya napagaling. Nagtataka ang lalaki kung bakit gusto nilang marinig itong muli, at itinanong: "Nais din ba ninyong maging mga alagad Niya?" Dahil dito, ininsulto siya ng mga Pariseo. Pagkatapos ng higit pang patotoo tungkol kay Jesus mula sa lalaki, itinaboy siya ng mga Pariseo palabas ng Sinagoga, na nagpahayag, "Ikaw ay nabaon sa kasalanan mula sa iyong kapanganakan; gaano kalakas ang loob mong turuan kami!"

Mga aktibidad

- i) **Sino ang nagsabi?**-Tipunin ang mga bata sa isang bilog, pagkatapos ay lagyan ng panakip sa mata. Pumili ng isang bata na pupunta sa gitna at mag sasabing, "Humayo ka, maghugas ka sa Pool ng Siloam." Ang mga batang ito ay muling sasali sa bilog. Tanggalin ng mga bata ang kanilang mga piring at hulaan kung sino ang gumanap na Hesus, mula sa boses na kanilang narinig.
- ii) **Nakakain na putik**-Ilagay ang chocolate mousse sa mga lalagyan ng cupcake. Ang isang bata ay susubuan ang isa pang bata gamit ang isang

kutsara. Hindi nila ito ilalagay sa kanilang mga mata kundi sa kanilang mga bibig!

Memory verse

John 9:32-33: 'Walang nakarinig kailanman tungkol sa pagbubukas sa mga mata ng isang taong ipinanganak na bulag. Kung ang taong ito ay hindi mula sa Diyos, wala siyang magagawa.'

Pagsasabuhay

Talakayin ang mga tanong na ito upang humantong sa panalangin tungkol sa **Pakikinig kay Hesus, ang Anak ng Diyos**

- i) Bakit alam ng ilang bata na si Hesus ay Anak ng Diyos at ang iba ay hindi?
- ii) Ano ang iba pang mga bagay na mahalagang malaman tungkol kay Hesus?
- iii) Kung ang panalangin ay pakikipag-usap kay Hesus, paano rin tayo makikinig? Maari ka bang makinig kay Hesus ngayon?

Patotoo mula sa Asnath, Tanzani Si Asnath ay 15 taong gulang at tumira sa kanyang ina mula nang maghiwalay ang kanyang mga magulang. Noong WWP 2022, ipinagdasal niya na muling mabuo ang kanyang pamilya. Sa taong ito, sinabi niya sa amin, "*Labis akong nagpapasalamat sa Diyos dahil sa pagkalinga Niya sa kanyang mga tao. Sa mahabang panahon, ang aking ama at ina ay naghiwalay na hindi man lang sila nag-uusap kahit sa telepono. Sa pagtatapos ng nakaraang taon, nagsimula silang tumawag sa isa't isa. Nagbigay ito sa akin ng kumpiyansa na maniwala na darating ang panahon sila ay muling magsasama. Luwalhati sa Diyos, na laging sumasagot sa ating mga panalangin.*"

4: Pananampalataya sa Diyos



Story anchor - John 9:35-41

Narinig ni Jesus na pinalayas ng mga Pariseo ang lalaki (na dating bulag) sa sinagoga, at nang matagpuan niya ito, sinabi niya, "Naniniwala ka ba sa Anak ng Tao?" "Sino siya, ginoo?" tanong ng lalaki. "Sabihin mo sa akin para maniwala ako sa kanya." Sinabi ni Jesus, "Nakita mo na Siya; sa katunayan, Siya ang nakikipag-usap sa iyo." Pagkatapos ay sinabi ng lalaki, "Panginoon, sumasampalataya ako," at siya ay sumamba sa Kanya. Pagkatapos ay nagsalita si Jesus tungkol sa espirituwal na pagkabulag at na ang ilang tao, tulad ng mga Pariseo, ay hindi nakakakita at nakakatanggap na Siya ang Anak ng Diyos. Ang mga hindi naniniwala ay hahatulan at hahatulan na nagkasala.

Mga aktibidad

- i) **Awit** – Magpagawa ng simpleng kanta sa mga Kabataan o mga bata.
- ii) **Collage** – Gumawa ng isang malaking collage gamit ang mga piraso ng tela, de-kulay na papel, o mag pinta ng mga bagay na ginawa ni Jesus na nagpapakita na Siya ang Anak ng Diyos. Ikabit ito sa isang pader. Takpan ito ng itim na tela. Ilawan ng mga bata ang natatakpan na collage gamit ang mga telepono o mga sulo habang ginagaya ang sinabi ng mga Pariseo, "Ano? Bulag din ba tayo?" Tanggalin ang tela, at ngayon, habang kumikinang ang mga ilaw sa mga bagay na ginawa ni Jesus,

sabihin, "Sinabi ni Jesus, "Ako ang ilaw ng sanlibutan."

Memory verse

John 9:38: At sinabi ng lalaki, 'Panginoon, sumasampalataya ako,' at siya ay sinamba niya.

Pagsasabuha

Talakayin ang mga tanong na ito upang humantong sa panalangin tungkol sa **pananampalataya sa Diyos**

- i) Ano ang pananampalataya?
- ii) Paanong ang pagkakaroon ng pananampalataya tungkol sa kung sino si Hesus at kung ano ang magagawa Niya ay tulad ng isang bulag na hindi nakakakita at pagkatapos ay nakakakita?
- iii) Sa palagay mo ba ay kayang baguhin ni Hesus ang sitwasyon sa ating mga tahanan, sa ating mga lansangan, sa ating mga paaralan at kolehiyo? Kailangan mo ba ng higit na pananampalataya upang maniwala na masasagot Niya ang mga panalangin? Bakit hindi hilingin sa Kanya na gawin ito

Patotoo mula sa mga bata sa Cambodia:

Sinabi ng mga bata na ang sama-samang pagdarasal ay mas makapangyarihan. Para raw silang hari o reyna habang pinangunahan nila ang malaking grupo para magdasal. Kinilala ng mga pinuno ng Simbahan na dapat nilang sanayin ang mga bata, ang susunod na henerasyon, na maging handa sa kanilang responsibilidad sa misyon.



LIWANAG NG MUNDO

World Weekend of Prayer | 1-2 Hunyo 2024

Pangwakas na panalangin

Hesus, ikaw ang liwanag ng mundo. Pinagaling mo ang isang bulag na hindi pa nakakakita mula sa kanyang kapanganakan. Isang himala. Kailangan niyang gawin ang kanyang gampanin at pumunta upang maghugas sa Siloam. Kinailangan niyang magtiwala sa iyo. Tulungan mo akong magtiwala rin sa iyo, Hesus. Tulungan mo akong huwag maging bulag sa aking pag-iisip tulad ng mga Pariseo bagkos asahang baguhin mo ang mga bagay sa pinakamahihirap na bahagi ng ating lungsod. Pasikatin mo ang iyong liwanag ng mga himala sa aking tahanan, sa aking mga daanan at sa aking paaralan. Nawa'y maging sigurado ako tulad ng lalaking bulag nang ipahayag niya: "Panginoon ako ay naniniwala." Mahal kita Hesus.

Ang World Weekend of Prayer campaign ay isang pandaigdigang gawain na ginaganap sa unang weekend ng Hunyo ng bawat taon, na pinagkakaisa ang daan-daang libong matatanda at bata sa buong mundo.

*Ito ay inorganisa ng Viva, isang charity na nakatuon sa pagbabago ng mas maraming buhay ng mga bata upang matupad ang kanilang potensyal mula sa Diyos sa 38 community network sa buong mundo. Alamin ang higit pa sa **www.viva.org**.*